

1

Kung ang iba ay kumakain kapag nabibigo sa pag-ibig, nag-sho-shopping to the max hanggang sa wala nang matirang pambayad mula sa credit cards na pumupuno sa wallet nila o kaya ay maubos ang baong cash, malunod ang mga mata dahil sa sobrang laki na ng eyebags sa kaiiyak, pagkain ng ice cream at iba pang comfort food, si Miracle naman ay iba.

Lakad lang siya nang lakad. Lakad ang paraan niyang pangtanggal ng stress at depression sa mga oras na iyon. Wala siyang pakialam kahit ilang kilometro pa ang lakarin niya basta ang mahalaga ay makahakbang siya. It was her way of moving on. Sabi nga, kani-kanyang trip lang iyan kapag nasasaktan ang puso o ang ego. Napasimangot siya.

“Buwisit na space. Bakit pa ba nauso-uso? Sa pagkakaalam ko, matagal nang hindi uso ang *MySpace*,” malakas na himutok niya habang naglalakad pa rin. Sa palagay niya ay nakakailang ikot na siya sa *Mandaluyong Circle*. Nang magising nang alas cinco ng umaga ay nagkape lang siya, pagkuwan ay dumerecho na roon.

Tatlong araw na niyang ginagawa ang bagay

na iyon, pero hindi pa rin kumakalma ang kanyang pakiramdam. Gusto niyang sabunutan ang bawat pareha ng lovers na makikita niya. Oo, siya na talaga ang bitter. Palagay niya kung hindi niya ida-divert sa ibang bagay ang inis ay sasabog siya.

“Mira, please give me some space and time. Pareho na tayong hindi naggo-grow sa relationship natin. I think we both have to discover ourselves.”

Frustrated na napaungol siya. “Buwisit na space talaga! Ni hindi ko nga siya sinisiksik kapag naglalakad kami o kahit nasa jeep ’tapos ngayon hihingi ng space. Lecheng pag-ibig talaga!”

She could still recall how her six-month relationship ended just like that. Isang gabing hyper na hyper siyang nagkukuwento sa nobyo tungkol sa mga pangyayari sa buhay niya ay bigla na lamang siya nitong hiniritan na kailangan nito ng space at time. Ni hindi man lang nito hinayaan na manamman niya ang dessert na in-order niya. At ang ending ng anim na buwang relasyon nila ay ang walang-kamatayang linya na. *‘It’s not you, it’s me’*. Hindi rin niya alam kung saan nito nakuha ang linyang pag-grow samantalang ito ang nagpumilit ng sarili sa kanya.

Muntik pa siyang mapatili ng mag-vibrate ang cellphone niyang naka-strap sa kanyang braso. Si

Macky ang tumatawag; ito ang best friend niya. 'Macarena' ang tunay nitong pangalan.

Malakas talaga ang radar ng bruha!

“O, Macky, bakit?” bungad kaagad niya. Hindi uso sa kanilang dalawa ang salitang 'hello'. Either ang tawagin niya ito sa pangalan nito o balahurain niya iyon.

“Bakla!” Nailayo niya ang telepono sa lakas ng tili ng kaibigan. *Hindi ko nga binalahura, ako naman ang binalahura.*

“Kung may nakakarinig sa ating dalawa, sa palagay mo kaya sino ang mapapagkamalang bakla?”

“O, sarcastic ka agad. 'Eto naman hindi na mabiro. Nasaan ka?”

Unti-unti na siyang nagkakahinala kung bakit ito tumawag. “Bakit mo gustong malaman?”

“Naglalakad ka, ano?” Mas tamang sabihing kinukumpirma lang nito ang hinala kaysa nagtatanong. Alam niyang wala siyang maitatagong lihim pagdating sa kaibigan. Halos magkabuhol na ang bituka nilang dalawa simula pa noong kindergarten sila. Magkababayan at magkababata sila sa kanilang probinsya. Magkaibigan ang kanilang mga ina kaya

hindi na nakakapagtakang maging best friends din silang dalawa. “Hay, naku, Miracle! Tigilan mo na ang kaka-stress diyan sa kawawa mong mga paa. Maawa ka sa kanila, wala silang kasalanan kung ang magaling mong *d’yowa* ay nakipaghiwalay sa ’yo.”

“Salamat sa pakikisimpatya, ha. Damang-dama kong naawa ka sa akin,” sarkastikong tugon niya.

“Nakikisimpatya kaya ako, kita mo naman concerned ako sa mga paa mo. You should stop walking. Ma’no ngang tumigil ka muna, parang kabayo ang kausap ko. Humihinga-hinga pa in between sentences. Kung hindi ko lang alam na naglalakad ka, iisipin kong may iba kang ginagawa.”

As always, Macky had her way of handling things. Kaya nga sa kabila ng pagiging heartbroken niya ay napangiti si Miracle sa hirit nito. Sinunod niya ang payo nito. Huminto siya sa paglalakad at umupo sa harapan ng *Dambana ng mga Bayani* na katapat ng *Tapa King*. May mangilan-ngilang gumagawa ng routine exercise doon. Pinili niyang maupo sa ikalawang baitang.

“Hindi paa ko ang nasaktan kundi ang puso ko,” aniya.

Tumahimik ito sa kabilang linya. “Sa totoo lang,

Mira, hindi ako naniniwalang puso mo ang nasaktan. Pride at ego mo ang natapakan pero hindi ang puso mo. Intact 'yan, maniwala ka sa akin. S'abi ko naman sa 'yo, platonic relationship lang ang meron kayo ng boyfriend mo."

Napakunot ang noo niya sa sinabi nito. "What do you mean? Marunong ka pa sa puso ng may puso."

"Ilang baldeng luha ang nailuha mo noong makipag-break sa 'yo si Jon, aber? Sige nga, sabihin mo sa akin."

Natigilan siya. Bago pa siya muling makapagsalita ay umariba na naman ang bibig ng kausap.

"Waley, di ba? Siguro gatabo lang pero balde? Baka nga hindi mo pa napuno 'yung tabo. I doubt that, my friend."

"So kaya wala kang simpatya sa akin dahil hindi ko napuno ng luha ang balde?" papilosopo niyang sagot. Teka, umiyak na nga ba siya?

"Nope, it's because I know that you *don't really* love him. At gan'on din siya sa 'yo, masyado lang kayong naging komportable sa isa't isa. Walang spark sa pagitan ninyo. Halos mabilang ko din ang pagho-holding hands ninyo kapag magkasama kayo. And I doubt if there had been any intimate moment

between you two. Ang relasyon ninyo ay *purely platonic* lamang, paniwalaan mo ako.”

“Hoy, bruha ka, sobra na ’yan, ha! Walang salingan ng intimate moments,” defensive na sagot niya. Pero sa likod ng kanyang isip ay ina-assess din niya ang pinagsasabi ng kaibigan. Nakilala niya si Jon sa unang taon niya sa trabaho. Kaagad niyang nakagaan ito ng loob, madami silang similarities, they could talk about anything under the sun and moon.

Hanggang sa nagulat na lang siyang bigla itong nagtapat sa kanya. Tatal naman daw ay komportable sila sa isa’t isa, bakit hindi nila subukan na magkaroon ng relasyon? And she agreed. Ngunit hindi pala porque compatible ang dalawang tao ay iyon na iyon. Tama si Macky, maliban sa ilang beses na halik ay wala nang intimate moment na namagitan sa kanilang dalawa ni Jon. Kapwa okay lang sa kanila ang ganoon. Well, iyon ang akala niya.

“At kilala kita, Mira, kung talagang broken-hearted ka’y sana tinawagan mo na ako. Ilang tumbling at kumbot lang ang bahay ko mula sa condo mo. Remember noong unang nabigo ka sa ultimate crush mo noong high school tayo, ako ang una mong nilapitan. Noong hindi ka nakapasa sa interview sa

unang company na in-apply-an mo, ako ang unang mong tinawagan. You cry and pour yourself to me.”

“Gusto kong mapag-isa. Bakit ba?” Unti-unti nang napapalitan ng pagiging defensive ang tono niya. Noon lang din niya napagtantong napapagod na pala ang mga paa niya. Inunat niya nang kaunti ang mga binti.

Tumawa si Macky sa kabilang linya. “Come on, Mira. Alam ko ang bagay na ’yan, sabi doon sa isang librong nabasa ko na iyan ang isang unique na katangian ng babae sa mga lalaki. Women tend to share problems with other women. They want someone na makikinig sa kanila, to sympathize with them. While men tend to keep it to their selves and hide on their shells.”

Tumaas ang kilay niya sa pag-quote na naman nito mula sa libro. Hilig nito ang magbasa at ang tagabasa ng lahat ng nirerekomenda nito. Siya naman ay tamad maghanap ng libro. “*Men Are From Mars* ba ’yan, ’Teh?”

“Enk! *Cupidity, 50 Stupid Things People Do For Love*. Magandang libro ito at makaka-relate ka, ipapahiram ko sa ’yo. Palagay ko lahat ng fifty na ’yun ay nagawa mo.”

Sabi na nga ba niya, ganoon ang magiging ending ng pag-quote nito ng libro.

“Teka nga, *baklita* ka! Inuubos mo ang load ko.”

Hindi na niya napigilang tumawa. “Sino ba ang tumawag nang pagkaaga-aga. Ako ba?”

“Pumunta ka na nga lang dito. Tigilan mo na ’yang pagiging emo mo diyan, hindi bagay. Dapat nating i-celebrate ang pagiging malaya mo. Freedom! Now you can really start your quest on finding Mr. Right.”

Hindi alam ni Miracle kung paano siya nagkaroon ng kaibigang butas ang utak. Napailing na lang siya. Alam niyang kung hindi niya ito pupuntahan sa bahay nito ay siya naman ang bubulabugin nito sa condo unit niya.

“Saka nga pala, Mira, bili ka na din ng pandesal bago ka pumunta dito. Gutom na din ako.”

“At ginawa mo pa akong utusan.”

“I-co-console naman kita pagdating mo dito. Pandesal lang ang suhol ko.”

She rolled her eyes. “Ngayon i-co-console mo na ako, samantalang ikaw ang kumukumbinsi sa akin kanina pa na hindi ako broken-hearted. Alam

mo, Macky, sa palagay ko hindi dapat pandesal ang bilhin ko kundi *Vulcaseal* nang matapalan ko ang butas mong utak.”

Humalakhak lang ito sa kabilang linya. “Kaya mo nga ako naging kaibigan kasi butas din ang utak mo. Mahirap kung ikaw lang ang butas ang utak, kaya pasalamat ka na dalawa tayo sa mundo.”

She smiled. “Sige na, hintayin mo na lang ako diyan.”

Nauna na itong magpatay ng linya. Hindi kaagad siya tumayo matapos ang usapan nila ng kaibigan. Dahil Sabado ng araw na iyon ay mangilan-ngilang jeepney lang ang dumaraan. Saktong mag-a-alas siete pa lamang kaya hindi pa gaanong masakit ang sikat ng araw sa balat niya. Itinuwid niya ang mga paa at hinimas-himas pa ang kanyang mga binti. Noon lang niya naramdaman ang bahagyang pananakit niyon. Napangiwi siya. Ayon sa nabasa niya, dapat may warm-up exercise bago sumabak sa jogging o kahit anong exercise subalit hindi niya pinansin.

“It will really hurt, you know. Kahit na lakad lamang ang ginawa mo, napuwersa naman ang lahat ng muscles ng binti mo.”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng tinig.

Isang lalaki lang naman ang katabi niya. Nakasuot ito ng muscle shirt at shorts na itim. Naka-running shoes din ito at basang-basa ng pawis. Hindi niya napansin ang pag-upo nito sa tabi niya. O baka naman nandoon na talaga ito nang umupo siya kanina.

Ganoon ba siya ka-engross sa pakikipag-usap sa kaibigan para hindi mapansin ang guwapong nilalang na ito? At bakit nga ba nakikialam ito sa kanya?

Hindi siya nagsalita at inalis sa direksyon nito ang mga mata. Pero ang memorya niya ay nag-iisa-isa ng good features nito. *He had dark eyes with long lashes. Matangos na ilong, wavy na buhok with matching buntot pa. Makinis na mukha at prominent jaw. In short, ang guwapo!*

Muling sumulyap si Mira sa direksyon nito. Hindi kaagad siya nakahuma nang makitang nakatingin din ito sa kanya. Poker face lamang ito. Hindi niya tuloy alam kung ngingiti ba o magsusungit na lang. Pinili niyang mag-poker face na lang din. Poise na nag-iba ulit siya ng tingin.

Okay, addition to the family, maganda ang katawan niya. Parang commercial na kintab-kintaban ang effect. Parang alaga gym.

“Here.”

Humarang sa vision niya ang isang bote ng *Gatorade*. Maang na napatingin siya sa katabi. Kinuha nito sa gilid ang isa pang bote ng *Gatorade*.

“You need to hydrate yourself. Sa dami ng ikot na ginawa mo sa kalalakad kanina ay madaming fluids na ang nailabas ng katawan mo. Bigla ang paghinto at pag-upo mo ni walang cooling down, kaya sa palagay ko’y mahihilo ka pagtayo mo kung hindi ka iinom.”

“But—”

“Huwag kang mag-alala. Reserba ko talaga ’yan. It’s sealed kaya sinisiguro kong hindi ako miyembro ng kahit anong rape gang na nababalita ngayon.”

Pinigilan niyang mapataas ang kilay. *Wala naman akong sinabi*. “Err, thank you.” Iyon lang ang tanging nasabi niya. Tumango lamang ito at tumungga ng *Gatorade*. Hindi niya alam kung bakit parang nakakahipnotismo ang lalaki at hindi niya maintindihan ang reaksiyon ng katawan niya sa ginawa nito. She felt a sudden thud inside her chest. Weird.

Pagod na nga siguro ako.

Binalingan na lang niya ang ibinigay nitong *Gatorade*. Hindi niya alam kung bakit bahagyang nanginginig pa ang kamay niya sa pagkakahawak

niyon. Dumulas tuloy ang bote bago pa niya mabuksan.

Maagap na tumayo ang lalaki upang habulin ang gumugulong na energy drink. Nang mapulot iyon ay ito na ang nagbukas para sa kanya. Parang may on-switch ang mga labi niya sa pagngiti rito.

“Thanks.”

“Welcome.” Iyon lang at tahimik na ulit itong nakatanaw sa vet hospital na nasa tapat lang nila. Tumahimik na rin siya. Himalang naubos ang baon niyang kabibuhan at taglay na pagiging Miss Friendship sa tabi nito. Nakakatameme naman kasi ang hitsura ng estranghero parang model.

Namalayan niyang tumayo ang katabi. Ngumiti ito nang bahagya nang lingunin siya.

“Una na ako sa ’yo. You should rest your feet when you get home.” May init na humaplos sa puso niya sa ipinakikita nitong concern sa kanya.

Daig pa niya si Maria Clara sa pa-demure na ngiting ginawa niya. Dapat ay magalit siya dahil sa pakikialam nito, pero wala siyang makapang inis. Sa halip ay ngumiti pa nga siya. “I will. Thank you ulit dito.” Itinaas niya ang inumin. Muli, tumango lang ito.

Nanatili siyang nakamasid sa lalaki hanggang sa makasakay ito ng kotseng nakahimpil lang sa di-kalayuan.

O, ganyan ba talaga ang broken-hearted? Kastigo ng isip niya na ikinatuwid niya ng upo. Bago pa sabunutan ng konsyensya niya ay nagpasya na siyang tumayo at puntahan ang kaibigan.

“Gusto kitang kalbuhin, alam mo ba ’yon?” nakataas ang kilay na tanong sa kanya ni Macky. Nasa harap sila ng mesa nito at kasalukuyang nilalantakan ang dala niyang pandesal. Nagtimpla ito ng paborito nilang tsa, kaya naman solve na solve ang almusal nilang dalawa.

Matapos nitong unghatin at tanungin ang makasaysayang break-up niya at ang makabagbag-damdaming *‘It’s not about you, it’s me’* ng ex niya, na muntik nitong ikalaglag sa upuan dahil sa katatawa ay pahapyaw niyang nabanggit dito ang tungkol sa lalaking nagbigay sa kanya ng energy drink.

“Ano na naman ang ginawa ko?” maang na tanong niya.

“Bakit hindi mo tinanong ang pangalan kung s’abi mo ay guwapo siya?”

The image of that guy flashed again in her mind. “Guwapo nga.”

Sa hitsura ng kaibigan ay parang gusto na talaga siya nitong sabunutan. “Bakit nga hindi mo tinanong ang pangalan?”

“Nakalimutan ko, eh. Saka nakakahiya namang ako pa ang unang mag-offer ng pangalan ko samantalang siya ang lalaki,” pakli niya.

Amused na tumingin ito sa kanya pagkatapos ay sa bote ng *Gatorade* na nakalapag sa mesa. “Nahiya ka pa sa lagay na ’yan. Samantalang may libre ka na ngang *Gatorade* ginawa mo pa siyang alipin sagigilid at nagpabukas ka pa.”

Natatawang hinampas ito ni Mira. “Hoy! Hindi ko naman sinabing buksan niya. Siya itong nagpaka-gentleman na buksan ang bote.”

“Kunwari ka pa.” Sumubo ito ng pandesal. Tila nagningning ang mga mata ng kausap nang muli siya nitong tingnan.

“Miracle...”

“Kinakabahan ako kapag ganyang malumanay ang tono ng boses mo. Parang pusang nagpapa-cute lang. Ano na naman ang ibig sabihin niyan?”

Tumaas-baba ang dalawa nitong kilay. “Maglalakad ka ulit bukas?”

“Hindi na, sabi mo nga maawa naman ako sa mga paa ko. Saka hindi na ako depressed.”

“Maglakad ka na.”

Umigkas ang kilay niya pataas. “O, bakit mo ako pinalalakad ngayon?”

“Daanan mo ako dito bukas bago ka maglakad. Mag-jo-jogging naman ako.”

Napabunghalit siya ng tawa sa sinabi nito. “Ikaw, mag-jo-jogging? Teka muna, Macarena, naliligaw ka yata ng kaluluwa.”

“Ano’ng nakakatawa, ha, Miracle Faith Villalobos? Masama bang biglang magbago ng lifestyle? Gusto ko na pala ng healthy living. Nakakasawa din ang tumunganga sa harap ng computer at magsulat ng article, ano!”

“S’abi ko na nga ba dapat *Vulcaseal* ang dala ko, tuluyan na yatang hinangin ang ulo mo. Ni wala nga sa dictionary mo ang jogging at healthy living. Mas gugustuhin mo pa ang humilata sa kama mo kesa ang abalihin ang sarili sa pagtakbo.”

“Nagbabago ang tao.”

Tumaas ang sulok ng mga labi ni Mira. “Oo, lalo na kapag nakarinig ng pogi,” gatong na pang-aasar niya. Sa halip na mapikon ay tumaas lang din ang sulok ng mga labi nito.

“Kaya nga isama mo na ako bukas. Malay mo, naroon ulit siya. At ’eto na ang pagkakataon mong makuha ang pangalan niya. At siyempre kailangan ko muna ulit mabistahan ang mukha ng future boyfriend mo.”

Nanlaki ang mga mata niya sa narinig. “Future boyfriend? Ano’ng pinagsasabi mo diyan?”

“In time, masasagot din ang tanong mo, pero sa ngayon hayaan mong i-dissect ko ang lahat ng observation ko sa ’yo simula nang ikuwento mo siya. First, sa pagbanggit mo pa lang ng ‘Hoy, alam mo ba...’ You know, Mira, sa pagkakataanda ko’y huling ginawa mo ’yan noong high school tayo. Noong crush na crush mo ’yung Corps Commander natin. Everytime na magkukuwento ka tungkol sa kanya, iyan ang unang linya mo. At kanina, if my memory serves me right, nakatatlong beses kang, ‘Hoy. alam mo ba...’”

Napatanga siya. *Ginagawa ko talaga ’yun?*

“Oo, Mira, ginawa mo ’yun.”

Napasimangot siya sa pagsagot nito sa piping

tanong niya. Ito ang downside ng pagkakaroon ng kaibigang kilala ang buong kaluluwa niya. Kahit yata ang napipintong pagtubo ng ingrown niya sa paa, alam nito.

Isinenyas nito ang dalawang daliri sa ere. “Ikalawa, you seemed excited talking about him and somehow your eyes have a certain glow.”

“Tyan naman ang hindi na ako naniniwala. Ano ako, glow in the dark? Saka ano ka ba, kakakilala ko lang doon sa tao at malamang hindi na kami magkikita pa.”

Nadama ni Miracle ang panghihinayang ng puso sa sinabi. Hindi niya alam kung bakit parang nalulungkot siya.

“Kaya nga maglalakad ka ulit bukas.”

Pinandilatan niya ito. “Heh! Ayoko na! Saka sabi niya I should rest.”

Macky’s eyes flickered playfully. “Naks, ’kakatuwa naman masunuring bata. Point three na ’yan. Never kang napasunod ng ex mo. Ah, this is exciting!” Napagsalikop pa nito ang mga kamay sa tapat ng dibdib na tila ba nagdarasal.

Pinili na lang niyang hindi magsalita para hindi

Run To You - Faith A. Teodoro

na humaba pa ang usapan tungkol sa nameless na binata. Iniba na lang niya ang topic para hindi siya kulitin ni Macky tungkol sa paglalakad.

Pero teka, makapaglakad nga ulit bukas... Lihim siyang napangiwi. Huwag masyadong umasa, Miracle. Nagluluksa pa ang puso mo este, ang pride mo.

2

“You should stop torturing yourself, Abraham. Get a life, will you?” nakapamaywang pang saad sa kanya ni Nikki.

Napailing siya sa asta ng babae. Ginantihan niya ng pagngiti ang pagmamarakulyo nito. “And will you stop torturing me with your undying lectures, Lady Nikki.”

Pinanlakihan siya nito ng mata. “Sa palagay mo ba sesermunan kita kung wala kang nagawang mali? Naku, Abraham, mag-isip-isip ka nga! Gusto ko kitang takungin diyan.”

“At ano naman ang nagawa kong mali, aber? Sa pagkakatanda ko, walang nakalagay sa konstitusyon ng Pilipinas na nagbabawal na maging masipag sa trabaho.”

Tumikwas ang sulok ng mga labi nito. Halatang hindi nito nagustuhan ang paliwanag niya.

“Meron na. Ipapalagay ko na. Para kang si Daddy, wala kayong ibang iniintindi kundi ang trabaho. Pagdilal pa lang ng mga mata ninyo’y trabaho na at bago kayo pumikit ay trabaho pa din ang nasa isip

ninyo. At sa palagay ko, maging panaginip n'yo ay trabaho pa din o kaya naman ang galaw ng stock market ang nasa dreams ninyo.” Lumungkot ang mga mata nito. “You’ve been both like that since Ate died.”

Napalunok siya sa sinabi nito. It’s been four years since Sarah died. Pero parang kahapon lang nangyari ang lahat. Damang-dama pa rin niya ang sakit ng pagkawala nito, damang-dama pa rin niya ang pangungulila niya sa babae sa bawat araw na nagdaan. Makailang ulit yata siyang napalunok muli bago makapagsalita.

“Alam kong defense mechanism n’yo ’yan para maka-cope up sa pagkawala niya. Pero sa tingin ko din, hindi niya magugustuhan na pinapatay ninyo ang mga sarili ninyo sa kakatrabaho. My sister wanted you to be happy, Abraham. Just like my mom wanted my dad to be happy noong mawala siya.”

Tuluyan nang lumambot ang puso ng binata. Mabilis niyang nilapitan si Nikki. Sa kanilang tatlo ay ito ang pinakamabilis na naka-recover sa nangyari. Umupo siya sa katapat nitong silya at hinawakan ang kamay nito.

“You’re not about to cry, are you?” biro niya sa kausap. “Alam ko higit kanino man ay mas masakit ito sa ’yo. It’s just—”

“Alam mo, Abraham, hindi man kita tinatawag na ‘Kuya’ but I always looked up to you as my brother. Saksi ako kung gaano mo kamahal si Ate Sarah, nanatili ka sa tabi niya hanggang sa huli. But please, stop torturing yourself.”

Pinilit niya ang sariling ngumiti. “Sino ba kasi’ng nagpasok sa kukote mo na tino-torture ko ang sarili ko?”

“Ang kaibigan mo, si Larry. Saka para namang hindi kita kilala. Palagi kayong ganito ni Daddy sa tuwing sasapit ang buwan ng kamatayan ni Ate. S’abi ni Larry, kahit weekend ay nagtatrabaho ka. Eh, kung sisantehin mo na lang kaya ang mga tauhan mo ’tapos ikaw na lang mag-isa ang magpatakbo ng negosyo mo?”

Wala sa loob na ginulo niya ang buhok nito gaya ng malimit niyang gawin noong madalas pa siyang nagpupunta sa mansyon ng mga ito. “Ikaw talaga. S’abi ko naman sa ’yo, huwag kang magsasama diyan sa kaibigan ko. Fine, I’ll take a break. Alam ko namang kaya mo ako pinuntahan dito ay dahil aayain mo ako sa kung anumang social function na pupuntahan mo.”

Sukat sa sinabi ay napalitan ng pagkislap ang mga mata ng babae. “Thank you, Lord, for enlightening him,” exaggerated nitong pasasalamat sa Itaas. “Ikaw

na ang sasama sa akin sa charity event ng company namin, ha? Sa *Manila Hotel* 'yun gaganapin. Seven o' clock tomorrow night. So dapat nasa bahay ka na ng mga six. Ha? Ha?"

"Oo na po! Paano pa ako makakatanggi, halos sirain mo na ang long sleeve ko sa kakahila mo. At, Nikki, binabalaan na agad kita, walang reto-reto."

Kinagat nito ang pang-ibabang labi at nag-peace sign sa kanya. "Sorry about your long sleeve. Copy, walang reto-reto."

Nananantyang tinitigan niya ito. Hindi siya masyadong kumbinsido sa sinasabi ng dalaga. "Promise?" Tumayo na ito at tinungo ang pinto. "Nikki..." Nang lingunin siya nito ay inilabas lang nito ang dila at pilyang ngumiti sa kanya.

"Hindi ko pala masyadong maipapangako, Abraham. 'Bye! See you tomorrow!"

Iyon lang at nawala na ito sa kanyang paningin. Naiwan siyang iiling-iling. Dapat ay na-anticipate na niya ang pagsulpot nito sa opisina niya. Nikki had that habit simula noong first year death anniversary ni Sarah. Palagi itong ganoon.

Lumambong ang lungkot sa mga mata ni Abraham sa pagkaalala sa yumaong kasintahan. The lump in

his heart was still hard to bear. He thought his life was perfect three years ago. Siya si Abraham Victoriano Jr., ang kaisa-isang tagapagmana ng Victoriano businesses. Sila ang nagmamay-ari ng malalaking hotels at restaurants sa bansa. At kamakailan ay nagkaroon na sila ng isang international branch sa Singapore. By then, he was twenty-six, may solidong plano sa buhay. Magpapakasal, magpapamilya at magiging masaya.

Kasintahan na niya noon si Sarah at nagpaplano na silang magpakasal at bumuo ng pamilya nang madiskubre nila ang sakit nito. SLE o Systemic Lupus Erythematosus, sa madaling salita Lupus. Despite the fact that they could afford the greatest treatment and medicine for her, still it failed. Kinuha pa rin ito sa kanila ng sakit. Alam niyang masakit sa pamilya ni Sarah ang pagkawala nito. Ilang taon silang naging saksi kung paano ito nanghina at iginupo ng Lupus. At hindi iilang beses niyang ginustong akuin ang sakit na nararamdaman nito. He loved her dearly.

Live your life. Love love at its best. Don't believe that love comes only once, minsan bumabalik ang love. Ang pagmamahal ang ugat ng buhay. Iyon ang huling bilin sa kanya ni Sarah. Mapait siyang napangiti.

“How can you expect me to live my life kung

wala ka naman sa tabi ko?” malakas niyang sambit. The pain seeped in his heart. Huminga siya nang malalim. Kapag ganoon na ang nararamdaman niya ay malabo na siyang makapagtrabaho nang maayos. Nagpasya siyang maaga na lamang umuwi. At sa palagay niya ay kailangan niya muling tumakbo. Sa tuwi-tuwina ay ang pagtakbo lamang ang bukod-tanging nakakapagpaantok sa kanya. Tuwing gabi talaga ang routine niya sa pagtakbo, nabago lamang noong isang linggo dahil maaga siyang nagising at wala siyang ibang maisip kundi ang tumakbo.

Bigla niyang naalala ang babae sa *Mandaluyong Circle*. Hindi nga ito tumatakbo pero daig pa nito ang tumakbo sa ginawa nitong paglakad. And the strangest of it all, napahinto siya upang pagmasdan ang ginagawa nito. She was mumbling and frowning in between walking. Somehow, naaliw nito ang umaga niya.

“Ah, this is really getting weird,” napapailing na sabi niya. Mukhang kailangan na talaga niyang umuwi. Kung ano-ano na ang sumasagi sa isip niya.

“Bading, ang ganda-ganda mo! Parang nagsisisi na ako kung bakit kita naisama pa.”

Tinaasan lang ni Miracle ng kilay ang kaibigan. “Kung gano’n pala, eh, uuwi na lang ako. Nagsisisi ka na pala.”

“Ito naman hindi na mabiro. Siyempre expression lang ’yon.” Muli siya tiningnan ni Macky mula ulo hanggang paa at tila nananandya na sinuri siya nito mula paa hanggang ulo naman. “Ay, p’wera biro talaga, ang ganda mo. Ang galing-galing ko nang makeup artist. I’m so proud of myself!”

Hindi niya maiwasang matawa rito. Hindi nakakapagtakang madami itong nabobolang magfund sa organization na kinabibilangan nito. Jolly ang personality ng kaibigan, si Macky rin ang tipo ng taong kahit sino ay hindi nangingiming kausapin maliban kung ang kaharap nito ay crush nitong male celebrity.

“Hoy, purihin mo din ako dahil maganda din naman ako, ano!” turo pa ni Miracle sa sarili.

“Well, sige na nga. Pero aminin mo halos hindi mo din nakilala ang sarili mo kanina, hindi ba?” Hinawakan pa nito ang mukha niya at ibiniling-biling. “Hindi ka na stiff tingnan dahil sa curly hair mo. And look at your face, Miracle. Milagro na talaga. You look like a *Barbie* doll na. Highlight na highlight ang mga mata mo, hindi ’yang lagi lang nakatago sa likod ng

salamin mo.”

Sumimangot siya. “Pasensya na, pero malabo ang mata ng kaibigan mo.”

“Shh...” Inilapat pa nito ang hintuturo sa labi. “Quiet ka muna, hindi pa ako tapos mag-dissect ng look mo. At dapat kahit nasa harap ka lang ng computer mo ay maganda ka pa din. Ugaliin mong maglagay ng lipstick, sayang naman ang pouty lips mo.”

Hindi na talaga niya napigilan ang pagtawa. “Ano, tapos ka na? Aba, kung mula mukha ko hanggang singit ko ang ida-dissect mo baka hindi na tayo makaalis. Sabi mo pa naman dapat maaga ka doon sa event.”

Tila noon lamang ito natauhan. Bigla nitong hinila ang bag na nakapatong sa ibabaw ng kama. “Bakit ngayon mo lang ipinaalala? Naku, nakakahiya kay Ma’am Nikki! Halika na, tumayo ka na diyan. Sayang ang *Rajo Laurel* mong outfit kung malulukot lang.”

“Huwag mong ilakas baka mahiram ng iba sa akin ito,” tukoy niya sa suot. She was wearing a long haltered gown. At totoong design iyon ni Rajo Laurel, well-sponsored pa rin iyon ng kaibigan dahil

kachikahan nito ang sikat na fashion designer. Kaya naman may discount sila noong nagpagawa sila ng gown dito. Maging ang suot ni Macky na yellow gown ay mula rin sa pamosong designer.

Gaya niya ay nag-iisang anak lamang din ito at kung ang mga magulang nito ang masusunod ay matagal na itong wala sa Pilipinas kundi nasa Rome na. Pero dahil talagang makabayan si Macky ay hindi ito napilit ng mga magulang na mangibang-bansa. Tanging pagbisita lamang ang ginagawa nito sa Rome. At dahil independent din ay ito na rin ang nagmaneho para sa kanilang dalawa mula Mandaluyong hanggang sa *Manila Hotel*.

Marami nang tao nang makarating sila sa venue na pagdarausan ng charity event. May mangilang-angilan na rin siyang kilala roon dahil ilang beses na siyang nayayaya ni Macky sa mga social functions na dinadaluhan nito. Minsan ay iniimpluwensyahan na rin siya nitong mag-resign sa pagiging account supervisor at magtrabaho sa organization nito. Na sa mga oras na iyon ay isinasaalang-alang na niya. Sanay na siya sa pagiging busy ni Macky pagdating sa event, kaya naman inaaliw na lang niya ang sarili. Kahit paano ay nabiyayaan siya ng social skills sa pagsisimula ng conversation.

Mula sa peripheral vision ay kita niya ang pagpasok ng isang matangkad na lalaki. Napalingson ang kausap niya, mukhang sikat yata ang bagong dating dahil nagliwanag ang mukha ng una.

Kasamahan ito ni Macky sa trabaho. Inilapit nito ang mukha sa kanya at pabulong na nagsalita. “Ang pogi, ano?”

“Nino?” *Aba, mahirap nang maging assuming kung sino ang pogi. Sa dami ba naman ng pogi dito, eh.*

Pasimpleng lumingon ulit ito sa entrada ng hotel. “Yong kasama ni Ma’am. Hindi mo ba siya kilala?”

Umiling siya. Masyado na yata siyang huli sa balita sa TV.

“Naku, saang planeta ka ba nanggaling, Hija? He’s Abraham Victoriano Jr., being the youngest CEO and sought-after bachelor ng Pilipinas. Ang balita ko aloof siya sa media, eh.”

Ah, suplado, sa loob-loob niya. Tuluy-tuloy lang sa pagsasalita ang kausap niya. Dahil walang suot na salamin ay kinailangan pa niyang i-squint ang mga mata para lamang makita ang hitsura ng sinasabi nitong pogi, hindi kasi siya komportable sa contact lenses. Well, sa palagay niya ay hindi ito nagsisinungaling. Maganda ang height ng lalaki.

At ayon sa blurred niyang paningin, mukha itong mabango kahit na may kahabaan ang buhok. *Malapitan na lang mamaya para makita kung pogi nga.*

“Ay, naku, teka lang, tinatawag yata ako ng boss ko. Excuse me.”

“Sure,” tugon niya. Sa palagay niya ay maging curriculum vitae ni Abraham ay na-recite ng dalaga. “Hindi naman masyadong halatang crush niya,” aniya na napapangiti.

Muli niyang tiningnan ang binatang nagngangalang ‘Abraham’. Pumuwesto ito malapit sa kanya. And she literally gasped when she recognized him. Ito ang lalaking nagbigay sa kanya ng *Gatorade!*

Nagpa-panic na hinanap ng kanyang mga mata si Macky. Ilang araw rin siyang hindi tinantanan nito, para silang timang na biglang nakaisip mag-jogging para lamang muling makita ang binata. And of all places, dito pa niya makikita ang lalaki, sa *Manila Hotel*.

Bigla itong lumingon sa kinaroroonan niya. He stared at her. Gusto niyang iwasan ang tingin nito pero hindi niya magawa. May ilang segundo yatang nagkatitigan lamang sila bago nito nagawang

ngumiti. She smiled back.

Ay, ang landi ko lang, naaliw na isip niya. Gusto pang lumawak ng ngiti niya nang makitang papalapit ito sa direksyon niya. Okay, Miracle Faith, p'wedeng huminga. Parang abnormal ang nagiging heartbeat mo, hindi yata tama ito.

Kung pogi si Abraham noong pawisan ito ay lalo na ngayong maayos ang hitsura nito.

Muling ngumiti ang lalaki. “Hi!”

“Hi!” bati rin niya. Laking pasalamat niya at pinaganda siya nang bongga ni Macky. Kung hindi ay sawi ang drama ng beauty niya kung nagkataon.

“I think I remember you.”

She nodded. “Uhm... sa *Mandaluyong Circle*. Binigay mo sa akin 'yung spare mong *Gatorade*.”

“Right. You're the cute girl who walked endlessly,” tila aliw na aliw na banggit nito. Hindi niya naiwasang mapangiwi. Nabalot yata ito ng ilang libong pagbabago. Parang hindi naman ito suplado.

Kailan pa naging cute 'yung para akong timang na lakad nang lakad? “Thank you ulit sa *Gatorade*.”

“You're welcome. Nai-rest mo naman ba ang mga

paa mo?”

“Yes. Actually, hindi na ako umulit, masakit ang paa ko kinabukasan,” pag-amin niya.

Kita niya ang pagngiti nito. Lumiit pang lalo ang singkit nitong mga mata sa ginawa. “Just as I figured. Pero dapat inuulit mo iyon kinabukasan.”

Naalala niya kung gaano kasakit ang mga binti at mga paa niya kinabukasan. Maging ang pagsakay sa taxi ay parang parusa sa kanya. “Hindi kaya ng powers ko. Hindi ko naman siya talaga regular na ginagawa. Uhm, I just walk when I’m stressed or depressed.”

Tumangu-tango naman ito. “That’s a good way to release stress.” Mayamaya pa ay inilahad na nito ang kamay sa harap niya. “I’m Abraham Victoriano Jr., by the way.”

I know. “Miracle Faith Acosta,” aniya nang tinanggap ang kamay nito. Hinihintay niyang may maramdamang tila kuryente sa pagitan nila. Pero nanatiling magkadaop lang ang mga palad nila, pero wala siyang naramdaman. Ang tanging nagregister yata sa utak niya ay ang malambot na palad ni Abraham. *Baliktad na yata ang mundo ngayon, ako na ang nakaka-appreciate ng malambot na palad.*

“Nice name,” komento nito.

“Thank you. Ikaw din, ang banal pareho ng pangalan natin,” sagot na lang niya. Nanatiling magkahawak ang mga kamay nila bago nito naisipang bitawan iyon. Hindi na ito umalis sa tabi niya at parang aliw na aliw pa itong kausap niya.

Ganyan ba ang broken-hearted? tuya ng isip niya habang ang feeling niya ay nagpapa-cute na siya sa binata.

3

Kanina pa siya duda sa pagkakangiti ni Nikki. Kahit ayaw niyang kabahan ay hindi maiwasan ni Abraham na makadama ng ganoon. Bigla na lang itong sumulpot sa opisina niya, ayon dito ay naiinip na ito sa sariling tanggapan kaya naisipan nitong dalawin siya. Hindi siya makapagtrabaho nang maayos dahil naroon ito at ginagambala siya. Oo nga at hindi ito nagsasalita, pero daig pa ng pang-aasar ang pagkakangiti nito. Paminsan-minsan ay nag-hu-hum pa ito. Hindi na niya itinago ang pagbuntong-hininga.

“Okay, Nikki, bukod sa pag-ca-camping mo sa loob ng opisina ko, ano talaga ang sadya mo?”

Prenteng nakaupo pa rin ang babae sa sofa sa loob ng office niya. Nagbuklat muli ito ng magazine na duda siya kung binabasa talaga nito. Ipinasadya niyang magkaroon ng sofa roon dahil minsan ay inaabot na siya ng gabi sa opisina at iyon na ang nagiging kama niya.

“Dinadalaw ka. Saka s’abi ko nga sa ’yo, naiinip na ako sa kakatitig sa apat na sulok ng office ko. I need a new environment.”

“Gusto ko pa yatang ipagpasalamat na wala akong kapatid dahil kung nagkataon na kasing-kulit mo, malamang ubos na ang buhok ko sa kunsumisyon. At malamang ipinabalik ka ng daddy ko sa sinapupunan ng mommy ko. Ilang taon ka na nga ulit?”

“I’m twenty-five,” proud na sagot pa nito.

Tumangu-tango siya. “Right, you’re twenty-five and yet you act like you’re nineteen.”

“I look nineteen naman, eh, so okay lang.”

Exaggerated na napahawak siya sa noo. “Oh, Lord! What have I done?”

Sukat doon ay napatawa si Nikki. Lumapit ito sa mesa niya at umupo sa isang silya na katapat niya. “Bram, actually, may surprise talaga ako sa ’yo kaya ako nandito.”

“Ano namang surprise ’yan? Matutuwa ba ako diyan?”

“Bago ko sabihin ang surprise ko, p’wede bang pakiunat muna ’yang pagkakakunot ng noo mo. P’wedeng-p’wede na akong kumuha ng plantsa sa sobrang pagkunot niyan, ha! Ang OA.”

Umayos siya. Malamang kung hindi niya susundin ang gusto ng kausap niya ay mauubos ang kanyang

maghapon sa kapapakinig dito at sa pangungulit nito. He also smiled sarcastically afterwards. Ngumisi naman ito.

“Much better. Ang pogi-pogi mo na ulit.”

“Okay, tama na ang pambobola mo. Ano na ’yang surprise-surprise na ’yan?”

Sa halip na sagutin siya ay inilabas nito ang *iPhone* at sandaling nagdududutdot doon. Matapos ang ilang segundo ay iniharap nito sa kanya ang numero na may pangalang MF. Muli yatang bumalik ang pagkakakunot ng noo niya.

Tumataas-baba pa ang mga kilay nito nang tingnan niya.

“So itinigil mo nga ang pagrereto sa akin, bibigyan mo naman ako ng textmate, gan’on?”

Nalukot ang magandang mukha nito. “Yuck, Bram! So old school, ha! Textmate, duh? Panahon mo pa yata nauso ang textmate, ano! Iyan nga ang surprise ko sa ’yo, number ’yan ni Miracle. MF lang ang nilagay kong pangalan niya dahil masyadong mahaba kung bubuuin ko pa ang Miracle Faith. Remember Miracle?”

“O, bakit mo ibinibigay sa akin ang number

niya?” Impossible naman yatang makalimutan niya ang babae. Sa buong durasyon ng event ay ito ang kausap niya. Maging siya ay nagulat sa sarili dahil doon. Dati-rati ay siya pa ang umiiwas sa mga babae pagdating sa mga ganoong okasyon.

Nandilat ang mga mata nito sa kanya na para bang may sinabi siyang kakaibang bagay. “Kasi po alam kong hindi mo magagawang kuhanin ang number niya, kaya ako na ang gumawa para sa ’yo. Actually, nakuha ko sa friend niya ang number niya, kay Macky. Staff namin siya sa organization. I asked for Miracle’s number and she gladly give it to me. Kaya ta-da!” Itinaas-baba muli nito ang mga kilay.

“Ano’ng gagawin ko sa number niya?” Hindi pa rin niya makuha ang logic kung bakit nito kinuha ang number ng dalaga. May isang linggo na yata ang nakakalipas simula noong samahan niya si Nikki sa charity event ng mga ito. At isang linggo na rin ang nakakalipas noong huli niyang makita si Miracle. And yet, naalala pa niya ang hitsura nito. Alalang-alala. *It’s because she’s pretty.*

“Try mong ibayad sa taxi o kaya ipangmerienda,” papilosopong sagot nito. Who would believe na coño girl ito?

May babalang tiningnan ito ng binata. “Nikki,

alalahanin mong mas matanda pa din ako sa 'yo. Mukhang nakakalimot ka yata.”

Nakagat nito ang pang-ibabang labi. She acted cute and sorry. “Sorry, Bram. Eh, kasi naman parang ang hina ng proseso ng utak mo, daig mo pa ang old school na computer. Siyempre para i-text mo, tawagan o kaya chika-chikahin mo.”

“What for?” May ideya na siya ngayon sa patutunguhan ng pagkuha nito ng number ni Miracle.

“Gawin mong friend. Kakaunti lang 'yung mga kaibigan mong girl kaya maging friendly ka sa kanya. Napansin ko lang kasi na siya lang ang kausap mo sa buong durasyon ng event. You're smiling when you're with her. Saka unusual na ikaw ang lumapit sa babae. Karaniwan ay ikaw ang nilalapitan nila 'tapos lalayuan mo naman ang mga babaeng lalapit sa 'yo. And I think she's nice and pretty, I may add.”

Kalahati ng sinabi nito ay totoo. Siya nga ang unang lumapit kay Miracle nang gabing iyon, na hindi rin niya alam kung bakit. There was something about her that was so enticing plus the fact that he felt comfortable when he was with her. Maging ang ngiti ng dalaga at ang paglabas ng dimple nito sa gilid ng labi ay nakapagpapagaan ng loob niya. Sa kabuuan ay maganda talaga ito, hindi niya itatanggi iyon.

“Nagkita na kami noong minsang mag-jogging ako, kaya kilala ko na siya. I just came over her table to say ‘hi’.”

“Parang hindi lang ‘hi’ ang nasabi mo sa kanya, eh. Ang tagal n’yo kayang magkausap. Halos buong event ay siya lang ang kausap mo.”

“Siyempre nakakahiya naman kung iwan ko na lang siyang mag-isa doon. Busy na kayo, busy rin ’yung friend niya na kasama niya sa event. Alangan namang pareho kaming tumunganga habang abala kayo,” defensive na sagot niya.

Tinitigan siya ng kausap, pagkuwan ay bumuntong-hininga. Sumimangot pa ito bago kinuha mula sa ibabaw ng mesa ang telepono. “Hay, naku! Kung ayaw mo, eh, di huwag.”

Naalarma yata ang sistema ni Abraham. Gusto niyang kuhanin ang numero ng dalaga, pero nag-aalala siyang asarin ng isang ito. Bahagya rin siyang napangiwi sa logic ng sariling utak. Maging ang lohikal na pag-iisip niya ay nagiging defensive na.

“O sige na, let me have her number,” mabilis na bawi niya. Wala naman sigurong masama kung kukuhanin niya ang numero ni Miracle. *Friendly basis lang naman.*

Sumilay ang tipid na ngiti sa mukha nito. “In fairness, ang bilis ng pagbawi. Para ka ding dalagang Pilipina, Abraham, ang lakas ng pakipot factor. O, bilis na, copy her number na. Come on.”

“Send mo na lang kaya,” salag niya sa pag-uutos nito.

Pinaikot ni Nikki ang mga mata. “Hay naku, ang tamad! Gusto din naman pala, sana kanina ko pa nai-send.” Naging abala na ito sa *iPhone* nito. Mayamaya pa ay tumunog na ang cellphone niya. He just accepted the number.

“Okay na po, Madam.”

Parang batang pumalampak si Nikki. Tumayo na ito, mukhang iyon lang talaga ang sadya sa kanya. “Okay, mission accomplished. I just really needed a new environment. ’Bye, Bram!”

Sinasabi na nga ba. Napapailing na lang siya habang tinatanaw itong lumalabas ng kanyang opisina. Nang maisara ng babae ang pinto ay kinuha niya ang cellphone. He scrolled down Mira’s number. Pinaikot-ikot muna niya ang cellphone.

“Ano nama’ng sasabihin ko kung ite-text ko siya?” Napapangiwi siya sa sobrang awkwardness na nararamdaman. Puwede naman niyang hindi

ito i-text, hindi na iyon malalaman pa ni Nikki. But a part of him wanted to communicate with her. Ngayon lang yata siya namroblema bigla kung paano magsisimulang mag-text. He typed a simple *Hi*.

Oh, come on, Abraham. As in 'hi' lang? Paano kung hindi naman ako sagutin? Ang daming prank texters ngayon.

Bago pa magbago ang isip ay pikit-matang ipinadala na lang niya ang mensahe. Dinagdagan niya iyon ng smiling face. Taimtim siyang nanalangin na sana ay huwag ang walang kamatayang 'Hu u?' ang reply nito. It was a major turn-off for him. 'Aminado siyang bobo siya sa mga abbreviated text messages at hindi niya ma-appreciate ang mga ganoon. May short message service o SMS nga ang cellphone, pero mas gusto niyang binubuo ang mga salitang ipapadala niya bilang mensahe.

Ilang minuto lamang ang hinintay niya bago muling tumunog iyon. Lumapad ang ngiti niya nang mabasa ang sagot nito. *Impressive!*

Abala sa pakikipagbuno sa pag-e-encode ng mga numero si Miracle nang tumunog ang cellphone niya. Magkaopisina man sila ng dati niyang nobyo

ay kataka-takang hindi siya naiilang, dahil na rin siguro sa nasa operations department ito at siya ay sa managerial work. Pinili niyang iwasan ito para walang conflict.

She looked at her phone. Noong una ay hindi niya ugaling gumamit ng cellphone kapag nagtatrabaho, pero minsang nagkaroon ng emergency sa kanila at hindi kaagad niya nabasa ang mensahe ay nadala na siya. She opted to stop working and checked her message. Kumunot ang noo niya nang unlisted number ang lumabas at isang simpleng ‘Hi’ lang ang nakalagay roon.

Uso pa ba ang nakikipag-textmate ngayon? tanong niya sa sarili. Hindi familiar sa kanya ang numero. Gusto sana niyang ignorahin ang mensahe dahil hindi niya kilala ang numero, pero naalala naman niya ang minsang sinabi ng isang college friend nila na suplada siya pagdating sa text. In the end, nagpasya na lang siyang sagutin iyon. Ginawa niya ang SOP niya kapag wala sa kanyang phonebook ang numero ng nagpapadala. Ang makabagbag-damdamin niyang ‘Sorry, I think I don’t have your name listed in my contacts. May I ask who is this?’

Two minutes yata ang nakalipas bago muli iyong tumunog.

Hey, this is Abraham. I got your number from a friend, I hope you don't mind.

Muntik na siyang mapatalon nang mabasa ang pangalan ng binata. Kaagad siyang napangiti. A gorgeous smile flashed on her mind, well, sige na nga isama na ang gorgeous body nito at ang gorgeous smell nito. *Eh, bakit ba ako kinikilig?*

Siyempre pa-demure din siyang nag-reply na, *I don't mind at all. Musta?*

She simply checked herself. Buti na lang at mag-isa siya sa cubicle niya bilang siya ang account supervisor. Ang kompanya nila ang licensed distributor ng mga designed papers and international cards for all occasion. Kung hindi siya nag-iisa sa loob ng cubicle ay mapapagkamalan siguro siyang baliw. Base sa repleksyon ng monitor ng computer niya, ngumingiti siyang mag-isa.

Anak ng cabbage naman! Teenager na teenager lang ang peg ko!

Nahirapan na yata itong mag-type ng sagot sa kanya dahil bigla na lang tumunog ang cellphone niya at nag-register ang numero nitong hindi pa niya nase-save. Ilang ring muna ang pinalipas niya bago siya nagpasyang sagutin ito. She immediately cleared

her throat and inhaled deeply.

“Hi!” bungad na nito.

Hindi man nakikita ay hindi niya napigilang ngumiti. “Hi din! Classic na classic na ang batian natin, ha,” komento niya na ikinatawa nito. Maging ang tawa ng lalaki ay may kakaibang hatid na damdamin sa kanya. *Weird.*

“I hope you don’t mind if I have your number, ah.”

Of course not. “No, not all.” Hindi na rin siya nag-abalang tanungin ito kung kaninong friend nito nakuha ang numero niya. Saka na lang siya magtatanong.

“Uhm... how can I say this?”

Malay ko, muntik nang isagot ng intrimitida niyang utak. Buti na lang at nagsalita na ulit ito.

“Naglalakad ka pa ba sa umaga?” tanong nito.

Bigla siyang napaisip. Sa totoo lang ay tamad na bata talaga siya, depressed lang siya nang mga panahong iyon. Kaya naman hindi niya alam kung bakit biglang ‘oo’ ang lumabas sa bibig niya.

“Good! May plano kasi akong mag-jog bukas

baka gusto mo ding itaas ng kaunting level ang walkathon mo.”

Patay! “Actually, hanggang lakad lang yata ang talent ko. Basta huwag kang masyadong mabilis sa pag-jogging baka masabayan kita.”

“No worries. I’ll guide you. So okay ka bukas?”

“Okay. Tamang-tama, Sabado naman bukas. Basta huwag kang maiinip kung nahuhuli ako sa pagtakbo.”

She heard him chuckle. “No problem. I’ll wait for you.”

Hindi niya napigilan ang pagtawa. “Saka para din makabawi na ako sa *Gatorade* na ibinigay mo sa akin before. This time ako naman ang magpo-provide ng *Gatorade* para sa ating dalawa.”

“Hey, okay lang ’yun. So it’s settled then? Tomorrow at five a.m.?”

Napalunok siya. Ang aga! “Yup!”

“Okay. ’Bye, Miracle, mukhang naiistorbo na kita,” pagpapaalam na nito.

“Bye, see you tomorrow.”

Pagkababa ng dalaga ng telepono ay napabuntong-

hininga siya. Noon lang niya napansin ang bahagyang pagpipigil niya ng kanyang hininga habang kausap si Abraham. Wala sa sariling napahawak siya sa dibdib, may kabilisan ang tibok ng puso niya.

Argh! This is really getting weirder. Hindi naman siya dating ganoon kay Jon. Never niyang na-experience ang ganoong bagay sa dating nobyo. Kaya nga kahit siya mismo ay naging skeptic sa mga nababasang romance novels tungkol sa pagkakaroon ng mabilis na heartbeat sa tuwing makikita ang crush o kaya naman ang sinasabi nilang butterflies in the stomach.

Huminga siya nang malalim. Pinilit niyang pakalmahin ang nagwawala niyang sistema. Ginawa niya ang napanood niya sa isang TV channel na nagyo-yoga. Breathe in, breathe out.

“Okay, Miracle Faith, relax. Excitement lang ’yan. Natural ’yan sa mga taong kaka-break lang. You are getting out of your shell,” pangungumbinsi niya sa sarili. Ilang ulit yata niyang ginawa iyon bago muling hinarap ang trabaho.